

Bagong impeksyon sa COVID-19

Sanoshi Kinkyu Jitai Sengen
佐野市緊急事態宣言

**PAHAYAGANG EMERGENCY NG BAGONG CORONA VIRUS SA
LUNGSOD NG SANO**

Sa pag-dami ng infection sa lungsod ng Sano, nagpahayag ng state of emergency upang maiwasan ang lalong pag-kahawa.

Dahil sa pag-kalat ng infection ng corona virus sa lungsod ng Sano, inihahayag ang emergency declaration. Nuong Sabado Setyembre 12, siyam na tao, at ng Setyembre 14 (Lunes), labing-walo(18) ang nahawa ng corona virus. Lahat ng mamayan sa lungsod ng Sano ay hinihikayat na gumawa ng paraan upang maiwasan ang lalong pag-kalat ng corona virus. Kabilang na dito ang mga tao na may kaugnayan sa kalusugan, mga kumpanya, at lahat ng may kaugnayan sa lungsod ng Sano.

1. Mga lugar sa lungsod ng Sano
2. Mga mamayan ng lungsod ng Sano at mga bibisita sa lugar ng Sano
3. Ang araw ng deklarasyon ng emergency ay simula sa Setyembre 15 (Martes) hanggang Setyembre 30 (Miyerkules), labing-anim(16) na araw.
(Humihingi kami ng inyong malawak na pang-unawa at pakikisama.)
4. Mga dapat tandaan:
 - ① Paki-usap lang na dapat isaisip ang laging pag-iwas sa bagong corona virus.
 - ② Iwasan ang grupo na kakain na higit sa lima o anim na katao, alalahanin ang tatlong paalala. Iwasan din ang pag-uusap na may malaking boses, at ipagpatuloy lamang po ang mga dapat gawin.
 - ③ Huwag mahawa, at huwag mang-hawa ay ipatupad. Lalong-lalo na ang mga tao na pag-nahawa ay magkakaroon ng mabigat na sintomas, katulad ng mga matatanda, mga buntis, mga may dinadalang sakit, at ang mga tao na may mataas na risk na mahawa, iwasan ang lugar na sa tingin ay mataas ang bilang ng corona virus.
 - ④ Sa mga lugar o sa ibang siyudad na may mataas na bilang ng corona virus, isaisip o hanggat maari iwasan ang pag-punta dito.
 - ⑤ Ang lahat na industriya o kumpanya, ipatupad ang mga gabay o guidelines, ipaigting ang pag-kontrol sa pag-dami ng corona virus.
 - ⑥ Sa mga industriya o nag-nenegosyo, ang sticker ng lungsod at ng prepektura ay dapat ilagay (ang emergency declaration para sa pag-iwas sa bagong corona virus). Hikayatin ang tao na ipagpatuloy ang paraan sa pag-iwas sa corona virus.
 - ⑦ Sa mga gagamit, ang sticker ay paalala ng kaligtasan at pakikibaka sa pag-kontrol sa corona virus.

Setyembre 15, 2020
General Manager of New Corona Virus
Infectious Diseases Control Headquarters
Mr. Masahide Okabe, Mayor of Sano City